

Integratibong gawaing pagkatuto (IGP) sa akademikong sulatin

Garma, Jonel C. ✉

DepEd-Talisay City Division, Philippines (jonel.garma@deped.gov.ph)

Mandado, Juliet O.

Cebu Technological University-Main, Philippines (juliet.mandado@ctu.edu.ph)



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 28 March 2023

Revised: 6 April 2023

Accepted: 12 April 2023

Available Online: 12 April 2023

DOI: 10.5861/ijrse.2023.26

Abstract

The study aimed to utilize and assess the efficacy of Integratibong Gawaing Pagkatuto (IGP) in teaching Filipino sa Piling Larang (Akademik) in writing academic texts; Bionote, Position Paper, and Travel Essay. The respondents of this study were the 20 grade 12 Senior High School students taking General Academic Strand. The study was conducted at Maghaway National High School, Maghaway, Talisay City, Cebu in the school year 2022-2023. Three instruments were utilized in this study; lesson plan, scoring rubrics, and the IGP which was personally crafted by the researchers and validated by the experts. A quasi-experimental design was conducted to assess the efficacy of IGP between the controlled and experimental groups. It has been found in the study that there is a big interval in the scores from the two groups. It is also proven that there is a significant difference in mean scores between the controlled and experimental groups. Based on the findings the researchers stress the importance of IGP in teaching academic text in helping the students to enhance their writing skills through multi-media integration and localized learning materials.

Keywords: integrative teaching, quasi-experimental, academic texts, Filipino teaching, Talisay City

Integratibong gawaing pagkatuto (IGP) sa akademikong sulatin

1. Panimula

Ang pagkatuto ay nangangailangan ng pormal na pag-aaral at hindi umuusbong ng kusa at gayundin ang debelopment ay mahahadlangan ng hindi sapat na tagapamagitanang karanasan sa pagkatuto at kulang ng karanasan sa kagamitang may mataas na pangkabatiran (Kozulin at Presseisen, 2010). Binibigyang diin nito na ang mga mag-aaral ay may kanikanilang mga kakayahan ngunit nangangailangan sila na idebelop ito sa tulong ng mga kagamitang pampagkatuto.

Sa panahon ngayon hindi lingid sa kaalaman ng lahat na ang Departamento ng Edukasyon ay nagbibigay ng makabagong pamamaraan sa pagtuturo upang masiguro na hindi masayang ang panahon ng mga bata at para matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral. Ang bagong normal ay ang bagong pamantayan sa mga mag-aaral mula sa iba't ibang lebel, hindi lamang sa paghasa sa mga kakayahan kundi pati narin ang pagbuo ng kanilang saloobin sa makabagong sitwayson ng pag-aaral.

Pinabulaan ni Ihalon (2022) na ang konsepto na pagkakaiba-iba ng pinagmulan ng mga mag-aaral ay nakahahadlang upang maging epektibo ang pagkatuto-pagtuturo na proseso. Binigyang diin na ang mga inobasyon sa pagtuturo at mga natatanging gawain ay malawak na ginagamit sa kasalukuyan upang mabigyang pansin ang bawat kasanayan ng mga mag-aaral.

Sa pag-aaral nina Varona at Mandado (2022) pinagtibay na ang integratibong pagtuturo sa tulong ng makabagong teknolohiya ay nakakatulong sa pagkuha ng mga interes ng mga mag-aaral na mas matuto dahil akma sa kanila ang mga onlayn na mga aktibiti at ito ay kanilang nakasanayan.

Habang ang lokalizado at kontekstwalisadong pamaraan ng pagtuturo naman ay binibigyang-pansin ngayon sa sistema ng pagtuturo sa Pilipinas upang makasabay ang mga mag-aaral at madaling maunawaan nila ang konteksto ng paksang pinag-aaralan. Ang lokalisasyon at kontekstwalisasyon ay mga mahahalagang dulog sa pagpapatupad ng K-12 Basic Education Curriculum.

Ayon nina Pulanco at Catungal (2021) na malaki ang kakulangan sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat kaya ang mga paaralan ay kinakailangang maglaan ng mga natatanging gawain sa pagsulat upang maiangat ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral. Kinakailangang bigyang pansin ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral.

Sa bagong normal na pagtuturo sa klase ay walang sapat na materyal at mga sanggunian ang mga guro kaya ang modyul na lamang ang ginagamit bilang hanguan ng ideya. Ngunit mula sa ebalwasyon ng mananaliksik ay may mga salik na dapat pagtuunan sa modyul. Minsan ay hindi tugma sa nakatakdang kompetensi ang mga gawain na nagreresulta sa kawalan ng gana ng mga mag-aaral na sagutan ito.

Sa kasalukuyan ang modyul ay ginagamit na lamang bilang resource material. Habang walang naibibigay na mga kagamitan at materyal sa mga mag-aaral ay tumataas ang kaso ng mga mag-aaral na nagkakaroon ng mababang marka sa iba't ibang dahilan. Mula sa mga pidbak ng mag mag-aaral sa kanilang karanasan sa pagsagot sa modyul at sa performans ay nakita ng mga mananaliksik na may malaking impak ang modyul sa pagkatuto ng mga mag-aaral at sa kanilang mga grado.

Sa kabilang banda, ang DepEd-Talisay ay gumagamit ng Learning Activity Sheet (LAS) sa ibang asignatura na walang sapat na material bilang suplimental sa pagtuturo. Ito ay personal na binubuo ng guro na nagtuturo sa partikular na asignatura. Nakita ng mananaliksik na maymalaking tulong ang LAS sa pagkatuto ng mga mag-aaral kung ito ay naihain sa malikhain, lokalizado, pangmidya at mayroong mga gawain na swak sa kani-kanilang mga interes. Nakita rin ng mananaliksik habang isinasagawa ang limitadong face-to-face na klase

sa pampublikong paaralan ay nakitaan na nakakaaepkto sa pag-aaral ng mga mag-aaral ang iba't ibang estratihiya ng mga guro sa pagtuturo

Sa kabuoan, malaki ang papel na ginagampanan ng tagapagitnang kagamitan ngayon sa pagkatuto ng mga bata lalong lalo na sa pagsulat kaya upang matugunan ang problemang ito ay ninais ng mananaliksik na bumuo ng Integratibong Gawaing Pagkatuto (IGP) sa Filipino at makuha ang kabisaan nito batay sa mga nakatakdang gawain na naglalayong mahasa ang kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral mula sa iba't ibang gawain sa asignaturang Filipino sa Piling Larang (Akademik). Ang pag-aaral na ito ay may malaking tulong sa mga guro upang matalima ang pukos ng Edukasyon 5.O ang paglalapat ng digital at teknolohikal na karunungan sa pagtuturo upang madebelop ang bawat kasanayan ng mga mag-aaral pati narin ang kanilang debelopment sa sosyal at emosyonal na kasanayan.

2. Pamamaraan

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng pamaraang Quasi-Eksperimental bilang paraan ng pananaliksik upang matiyak ang kabisaan ng Intergratibong Gawaing Pagkatuto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang naging partisipante ng pag-aaral ay dawampu, (20) na mga mag-aaral na nagmumula sa Maghaway National High School sa Strand na General Academic Strand na nasa Grade 12 na hinati sa kontrolado at eksperimental na pangkat.

Gumamit ng tatlong instrumento ang mananaliksik, ito ay ang banghay-aralin, rubriks at ang IGP na personal na binuo ng mananaliksik na ipinabalideyt sa mga eksperto sa pagtuturo. Ang mga instrumentong ginamit ay dumaaan sa maraming proseso at ebalwasyon na ginawa upang maging klaro ang mga gawain at maiwasan ang pagkalito ng mga partisipante habang ginagamit ang IGP sa klase at sa kanilang pagsulat sa mga akademikong sulatin.

Ang Proseso sa Pagtuturo ng IGP ang ang sumusunod; Una pagtukoy sa mga nakatakdang kasanayan mula sa Most Essential Learning Competencies ng asignatura. Sinundan ito ng pagtatalakay sa klase gamit ang IGP na nilapatan ng online na kagamitan sa pagtuturo at pagbibigay ng lokalidadong mga halimbawa. Pagkatapos ng talakayan ay nagkakaroon ng pasimulang gawain sa pagsulat na naging gabay ng mga mag-aaral sa pagsulat na sa pinal na akademikong sulatin. Ang huli, ay ang pagpapasulat ng akademikong sulatin na tinasa gamit ang rubrik na inihanda at iniakma sa integratibong gawain. Sa pagkuha sa iskor ng mga mag-aaral ang sumunod ay ang pag-aantas na ginamit: 60-46 - napakahusay, 45-31-mahusay, 30-16 – katamtamang husay, at 15-1-kulang sa kasanayan.

Sinuri sa pamaraang istatistikal ang mga datos ng pag-aaral na ito. Upang makuha ang (1) mean iskor ng kontrolado at (2) mean iskor ng eksperimental na pangkat ay ginamitan ito ng Two sample T-Test. Nilapatan naman ng kaukulang istatistikal ang pagkuha ng (3) makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mean iskor ng dalawang pangkat.

3. Resulta at pagtatalakay

Sa bahaging ito, inilahad ang mga datos na nakalap mula sa peromans ng dalawang pangkat na kalahok sa pag-aaral, ang kontrolado at ang eksperimental na pangkat. Ang resulta ay inihanay at inalisa nang maigi. Ginamitan din ito ng istatistikang pagsusuri at pagpapakahulugan at ipinaliwanag nang maayos batay sa resultang natamo. Ang presentasyon ng datos ay hinati sa dalawang bahagi.

Ang unang bahagi ng presentasyon ay ang mean iskor ng kontroladong pangkat at ng eksperimental na pangkat ayon sa pagsulat ng akademikong sulatin na Bionote, Posisyong Papel, at Lakbay-Sanaysay.

Ang pangalawang bahagi naman ng presentasyon ay ang pagtukoy sa makabuluhang pagkakaiba ng mean iskor sa pagitan ng kontrolado at eksperimental na pangkat.

Talahanayan 1

Mean iskor ng kontroladong pangkat

Akademikong Sulatin	SCORES		Kategorya
	Mean	SD	
Bionote	35.1	5.87	Mahusay
Posisyong Papel	36	5.37	Mahusay
Lakbay-Sanaysay	34	5.98	Mahusay
Main Total	35.03	5.61	Mahusay

Malinaw na ipinakita sa Talahanayan 1 na ang antas ng kasanayan ng kontroladong pangkat sa pagsulat ng akadamekong sulatin ay naikategorya sa **mahusay**. Mula sa mga mean iskor ng kontroladong pangkat ay nakuha ang 35.03 na kabuoang iskor na nagpapahiwatig na ang mga nabuong sulatin ng mga kontroladong pangkat ay nagpakita ng antas na limitado lang ang kahusayan sa pagsulat ng mga akademikong sulatin.

Mula sa ginawang pagtasa sa pagsulat, nakuha ang mean iskor na 34 sa pagsulat ng Lakbay- Sanaysay na nagpapakita na limitado lamang ang kakayahan sa pagsulat nito. Nakuha naman ang mean iskor na 35.1 sa pagsulat ng Bionote na nangangahulugang kinakailangan pang lapatan ng ibang gawain upang makabuo ng mas mahusay na sulatin. Sa pagsulat ng Posisyong Papel naman ay nakuha ang 36 na mean iskor na nagpapakita parin na ang nabuong sulatin ng mga mag-aaral ay limitado lang ang kahusayan. Nakita na may kakahayan ang mga mag-aaral sa pagsulat ng akademikong sulatin ngunit kailangan lamang ito idebelop upang mas mapa-igi at mahasa ang kanilang kahusayan dito.

Pinabulaanan nina Barlaan at Javier (2020) na kinakailangang sanayin ang mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay upang makilala ang mga elemento nito at kailangang bigyang pansin ang pagsulat ng sanaysay sa Filipino sa tulong ng teknolohiya upang mahasa ang bawat kasanayan at kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat. Kaya upang mahasa at mapahusay ang kakayahan sa pagsulat ay kinakailangan lapatan ito ng integratibong pagtuturo.

Talahanayan 2

Mean iskor ng eksperimental na pangkat

Akademikong Sulatin	SCORES		Kategorya
	Mean	SD	
Bionote	45	4.67	Napakahusay
Posisyong Papel	45.5	6.57	Napakahusay
Lakbay-Sanaysay	45.1	5.99	Napakahusay
Main Total	45.2	5.59	Napakahusay

Ipinapakita ng Talahanayan 2 ang antas ng kahusayan ng eksperimental na pangkat sa pagsulat ng akademikong sulatin. Pagkatapos gamitin ang Integratibong Gawaing Pagkatuto (IGP) sa klase at tasain ang kanilang kasanayan sa pagsulat. Lumitaw na ang kasanayang nakuha ng eksperimental na pangkat ay naikategorya sa **napakahusay** sa pagsulat pagkatapos gamitin ang IGP. Mula sa 3 akademikong sulatin na tinasa sa eksperimental na pangkat gamit ang IGP ay nakuha ang kabuoang iskor na 45.2 na nagpapakita na ang mga nabuong sulatin ng mga eksperimental na pangkat ay nagpakita ng antas na matass na kahusayan sa pagsulat.

Mula sa paggamit ng IGP sa eksperimental na pangkat sa paglalapat ng multimedia na pagtuturo at lokalidadong mga gawain at halamibawa sa talakayan ay nakita na ang nakuha nilang mean iskor sa pagsulat ng Bionote ay 45 na nagpapakita na limitado lamang ang kahusayan sa pagsulat. Sa Posisyong Papel naman ay nakakuha sila ng 45.5 na nagpapakita ng antas na mataas ang kahusayan. Nakuha naman ang 45.1 na mean iskor sa pagsulat ng Lakbay-Sanaysay na nagpapakita ng mataas na kahusayan.

Ang pagsulat ay isang kasanayang pormal na natututuhan ng isang tao hinid kagaya ng kasanayang pasalita na natural na natututuhan. Ang pagsulat ay isang mabagal at kompleks na proseso, isang sining na nangangailangan ng malalim na pag-iisip at pag-unawa (Resuello at Funclara, 2021). Pinabulaanan rin ni Taruc (2015) na ang mga mag-aaral ay masnahahasa ang kasanayan sa pagsulat kung meron silang mga panggitnang

kagamitan na ganagamit sa pag-aaral.

Talahanayan 3

Makabuluhang pagkakaiba ng mean iskor sa pagitan ng kontrolado at eksperimental na pangkat

Akademikong Sulatin	Control Group		Experimental Group		Independent Sample T-Test		DECISION	REMARKS
	\bar{X}_1	S_1	\bar{X}_2	S_2	P-value	α		
Bionote	35.1	5.87	45	4.67	0.0006 < 0.05		Reject Ho	Makabuluhan
Posisyong Papel	36	5.37	45.5	6.57	0.0023 < 0.05		Reject Ho	Makabuluhan
Lakbay-Sanaysay	34	5.98	45.1	5.99	0.0006 < 0.05		Reject Ho	Makabuluhan

Makikita sa Talahanayan 3 ang istatistikal na pagsusuri sa pagkuha ng makabuluhang pagkakaiba ng mean iskor sa pagitan ng dalawang pangkat. Nakita na ang P-value ng dalawang pangkat sa pagsulat ng Bionote ay 0.0006. Habang sa pagsulat ng posisyong papel naman ay 0.0023 at ang Lakbay-Sanaysay ay 0.0006. Malinaw na ipinapakita na ang mga nabanggit na P-value ng bawat sulatin ay mas mababa sa 0.05 na inilaan. Ibig ipagkahulugan nito na ang mean iskor ng kontrolado at eksperimental na pangkat ay mayroong makabuluhang pagkakaiba.

Sa pag-aaral nina Abad at Ruedas (2001) tinukoy nila na ang mga kagamitang pampagtuturo katulad ng E-learning ay makatutulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa pag-aaral na ito, tunay na napatunayan na ang paggamit ng IGP ay may malaking ambag sa paghasa sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng akademikong sulatin. Nakita rin sa pag-aaral ni Selvaraj (2016) na ang integrasyon ng multimedia ay may malaking tulong sa proseso ng pagtuturo upang masiguro na ang kasanayan ng mag-aaral ay madebelop ng maykahasayan.

Kaya iminumungkahi ng mananaliksik na hindi tanggapin ang null haypotesis ng pag-aaral at tanggapin alternatibong haypotesis na mayroong makabuluhang pagkakaiba ang mean iskor sa pagitan ng kontrolado at eksperimental na pangkat

4. Kongklusyon at rekomendasyon

Batay sa mga kinalabasan ng pag-aaral na ito, inilahad ng mananaliksik ang kongklusyon na ang paggamit ng Integratibong Gawaing Pagkatuto (IGP) para sa pagtuturo sa pagsulat ng akademikong sulatin ay nakapaghasa sa pagsulat at naipakita na may makabuluhang pagkatuto kung lalapatan ang pagtuturo ng multimidya at lokalisdong kagamitan sa klase. Magiging kapaki-pakinabang ang IGP sa mga mag-aaral sa pagkatuto ng pagsulat sa akademikong sulatin dahil ito ay nakahain na swak sa kanilang interes sa pagkatuto at mapapalawak pa nila ang kanilang kaalaman gamit ang multimidya. Sa mga guro naman na nagtuturo ng Filipino ay magagamit nila ang IGP upang mas maging interaktib ang kanilang mga klase. Magsisilbi rin itong hanguan ng mga guro sa pagbuo ng panibagong materyal sa hinaharap.

Batay sa naging resulta at kongklusyon ng pag-aaral, inirerekomenda ng mga mananaliksik na gamitin sa pagtuturo ng pagsulat sa akademikong sulatin ang IGP sapagkat nakita na naging mas mataas ang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral na gumamit nito. Gamitin bilang kagamitang pantulong sa pagtuturo ng pagsulat ng akademikong sulatin ang awtput ng pag-aaral at mula sa kinalabasan sa paggamit ng IGP, inirerekomenda na magkaroon ng pagsasanay sa mga guro na gumawa pa ng ibang kagamitan sa pagtuturo na naka mapa sa IGP upang mas mahasa ang antas ng kasanayan at pagkatuto ng mga mag-aaral.

5. Sanggunian

Abad, M. A., & Ruedas, P. O. (2001). *Paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo*. Mandaluyong City: National Bookstore.

Barlaan, J. P., & Javier, C. L. (2020). Antas ng kakayahan sa pagsulat ng sanaysay ng mga senior high school gamit

- ang teknolohiya. *PSU Multidisciplinary Research Journal*, 3(1).
- DO 39, S. (2012). *Policy guidelines on addressing learning gaps and implementing a reading and writing program in secondary schools effective school year (SY) 2012-2013*. Hango mula sa <https://www.deped.gov.ph/2012/05/11/do-39-s-2012-policy-guidelines-on-addressing-learning-gaps-and-implementing-a-reading-and-writing-program-in-secondary-schools-effective-school-year-sy-2012-2013>
- Ihalon, E. (2022). Differentiated assessment in araling panlipunan 10: Enhanced learning activities. *International Journal of Trend in Scientific Research and Development*, 6(6), 971-986.
- Kozulin, A., & Presseisen, B. (2010). *Mediated learning experience and psychological tools: Vygotsky's and Feuerstein's perspectives in a study of student learning*. <https://www.tandfonline.com/doi/abs/10.1207/s15326985ep30023>
- Pulanco, R. S., & Catungal, M. C. (2021). *Antas ng kasanayan ng mga grade 12 sa pagsulat ng liham pangangalakal tungo sa pagbuo ng isang patnubay*. Hango mula <https://www.psurj.org/online/index.php/deap/article/view/175>
- Republic Act No. 10533. (2013). *An act enhancing the Philippine basic education system by strengthening its curriculum and increasing the number of years for basic education*. Hango mula <https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/>
- Resuello, M. R., & Funclara, R. D. (2021). *Gramatikal na kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat sa Filipino*. Hango mula <https://www.psurj.org/online/index.php/deap/article/view/172>
- Selvaraj, V. (2016). Integration of multimedia for teaching writing skills. *CALL-EJ*, 2, 57-86.
- Subere, D. S. (2006). *Pagbuo at paggamit ng portfolio sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat*. Unpublished master's thesis. West Visayas State University, Iloilo City.
- Taruc, Z. M. (2015). *Pagbuo ng isang mungkahing modyul para sa pagtuturo ng pagsulat sa baitang 12 kurikulum sa Filipino*. Hango mula https://animorepository.dlsu.edu.ph/etd_doctoral/441
- Varona, F., & Mandado, J. O. (2022). Elektronikong kagamitang linangan sa integratibo tungo sa kasanayan (E-KLIK) sa malikhaing pagsulat sa Filipino. *International Journal of Research Studies in Education*. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.186>